ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIV Blg. 18
Setyembre 21, 2013
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Salubungin ng protesta ang pagbisita ni Obama


Dapat tumindig ang sambayanang Pilipino at salubungin ng malawakang protesta ang nakatakdang pagbisita ng hepe ng imperyalismong US na si Barack Obama sa Oktubre 11-12 at ang planong pagpirma sa kasunduang magpapahintulot sa militar ng US na puspusang gamitin ang Pilipinas bilang base militar.

Dapat paalingawngawin ang sigaw ng protesta laban sa todo-largang pangangayupapa ng rehimeng Aquino sa gubyernong US. Dapat tutulan ang mabilis na pagkauk-ok ng pambansang kasarinlan sa ilalim ng rehimeng Aquino. Sagad-sagaran ang pagpapasailalim ni Aquino sa mga dikta ng gubyernong US upang suportahan ang estratehikong layunin ng US na "pumihit" tungo sa Asia.

Mula nang ideklara ang planong pagpihit na ito, iba't iba nang mga areglo ang binubuo ng US sa rehimeng Aquino, pati na sa mga gubyerno ng Japan, Vietnam, Singapore, Indonesia, Malaysia, Australia, India at iba pa upang pahintulutan ang mga barko at eroplanong pandigma ng US na regular na makapasok sa mga bansang ito at magamit ang mga pasilidad sa mga daungan at paliparan.

Nitong nagdaang mga taon, nakapagbuo ang US ng mga kritikal na kasunduan para sa akses militar at pagbabase sa Australia at Singapore, at nasa proseso ngayon sa pagbubuo ng mga katulad na kasunduan sa Pilipinas at iba pang bansa. Nagmamantine ang US ng malaking base militar sa hilagang Australia para sa 3,000 tropang Amerikano. Mula 2005, ginamit ng US ang mga pasilidad sa Singapore para ikoordina ang lohistika at pagpapakat ng mga barkong pandigma mula sa East Asia, Central Asia hanggang sa Africa.

Patuloy na pinauunlad ng US ang pakikipagtulungang militar nito sa Japan. Pinalalakas nito ang mga base militar sa Okinawa at iba pang lugar. Itinutulak ni-




Sa isyung ito...

Pinsala ni Aquino sa Zamboanga 3

Protesta kontra-korapsyon, lumalakas 5

Kinatawan ng Anakpawis, inaresto 9

to ang Japan na magpalakas ng mga kagamitan at imprastrukturang militar upang makapagbigay ng suportang panlohistika at pangmilitar sa US. Sa gabay ng US, ipinagmalaki kamakailan ng Japan ang kauna-unahan nitong *aircraft carrier* matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig na pinaniniwalaang dinisenyo para magserbisyo sa mga *jet fighter* ng US.

Nasa balangkas ng "pagpihit" ng US sa Asia ang mahigpit na pakikipagsabwatan ng rehimeng Aquino sa gubyerno at militar ng US. Binibigyan ni Aquino ang militar ng US ng wala pang kapantay na akses sa mga pasilidad sa Pilipinas. Walang sagabal na nagagamit ng militar ng US ang himpapawid at karagatan ng Pilipinas para magpalipad ng mga *drone* at magpalayag ng mga barkong pandigma para maniktik, magpatrulya, mandigma at magpamalas ng kapangyarihan. Pinahintulutan nito ang US na magtayo ng mga radar sa mga dalampasigan ng Pilipinas. Patuloy nitong pinahihintulutan ang militar ng US na magmantine ng 700 armadong tropa sa mga pasilidad nito sa Zamboanga City. May mga pasilidad militar din ang US sa Sulu at North Cotabato.

Alinsunod sa utos ng US, sinusulsulan ng rehimeng Aquino ang tunggalian sa China sa usapin ng Spratlys at iba pang isla sa South China Sea. Binigyangdaan nito ang US na imilitarisa ang sigalot sa pamamagitan ng pagpapakat ng mga tropa nito sa erya, bagay na nagtutulak sa China na mas agresibong igiit ang sarili nitong paninindigan sa mga pinagtutunggaliang teritoryo. Sa pagpapaigting ng presensya ng US sa rutang pangkalakalan sa South China Sea, layunin ng US na ipresyur ang China na sumunod sa nais nitong mga patakarang liberal upang bigyang-laya ang pamumuhunan ng US at pagtatambak ng mga sobrang produkto nito sa merkado ng China.

Ang pagbibigay sa US ng eksklusibong akses sa mga pasilidad sa Pilipinas ay noon pang Enero 2012 napagkasunduan ng gubyernong US at Pilipinas sa isinagawang Strategic Defense Dialogue sa Washington. Minamadali ngayon ng mga upisyal ng gubyernong US at Aquino ang pinal na borador ng bagong kasunduang magbabalik ng mga base militar ng US sa Pilipinas. Oras na mabuo ito, matitiyak ang operasyon nito sa susunod na 20-30 taon. Maingat na binubuo ang kasunduan upang hindi ito magmukhang tratado para sa base militar. Pinalalabas ng US na hindi ito interesadong magkaroon ng mga base militar, kundi gagamit lamang ito ng mga pasilidad na pag-aari ng gubyerno ng Pilipinas kahit ang mga ito ay itinayo ng militar ng US.

Ang pagbisita ni Obama ay maghuhudyat ng bagong yugto sa paghaharing neokolonyal ng US sa Pilipinas. Kokonsolidahin nito ang mga bagong alituntunin sa pagitan ng gubyernong US at ng tutang estado nito. Papupurihan ni Obama ang Pilipinas bilang "kaibigan" at "katuwang" sa tangkang pagtakpan ang katotohanan na ang Pilipinas ay biktima ng kolonyal na pananakop ng US mula simula ng ika-20 siglo at biktima ng hegemonismo ng US nitong nagdaang mahigit kalahating siglo.

Gamitin natin ang pagbisita ni Obama upang ilantad na ang Pilipinas ay isang malakolonya ng US. Manindigan tayo laban sa pangangayupapa ni Benigno Aquino III sa kanyang among imperyalista. Pag-alabin ang patriyotismo ng sambayanang Pilipino at pagkaisahin ang pinakamalawak na bilang ng mamamayan para labanan ang pagbibigay ng papalaking akses sa militar ng US at pagpasok ng paparaming bilang ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas. AB


ANG Bayan

Taon XLIV Blg. 18 Setyembre 21, 2013

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

*www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

*angbayan@yahoo.com*



## Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Editoryal**: Salubungin ng protesta ang pagbisita ni Obama | 1 |
| Singilin si Aquino sa pinsala nito sa mamamayan ng Zamboanga | 3 |
| Palabas hinggil sa PDAF | 4 |
| Protesta kontra-korapsyon, lumalakas | 5 |
| Korapsyon sa pondo sa edukasyon | 6 |
| Zero Remittance Day, inilunsad | 7 |
| Kakarampot na dagdag sahod, binatikos | 7 |
| Mga opensiba sa NCMR | 8 |
| Kampo ng bandido, nireyd ng BHB | 8 |
| Kinatawan ng Anakpawis, inaresto sa HLI | 9 |
| Pagpapalaya sa mga detenidong pulitikal, iginiit | 10 |
| Mga utak sa pagdukot kay Jonas Burgos, pinawalansala | 11 |
| Labanan ang planong gera ng US sa Syria | 11 |
| Tata Senseng, pinarangalan ng NDFP | 12 |



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Singilin si Aquino sa pinsala sa mamamayan ng Zamboanga




Dapat singilin ng mamamayang Pilipino ang rehimeng US-Aquino sa idinulot nitong pinsala sa mamamayan ng Zamboanga City sa paglulunsad ng matinding operasyong pagkubkob laban sa mga pwersa ng Moro National Liberation Front (MNLF). Dapat panagutin ang rehimeng US-Aquino sa ginawa nitong armadong pagkubkob laban sa MNLF sa gitna ng makapal na populasyon sa Zamboanga City.

Lumikha ng malaking krisis sa buhay ng mamamayan ang pagkubkob ng AFP at PNP laban sa MNLF simula Setyembre 8. Isinapanganib ng armadong pagkubkob ng AFP ang buhay ng daan-daan libong mamamayan. Buo-buong mga populasyon ang pwersahang pinalikas sa kanilang mga barangay. Halos 120,000 mamamayan na ang kasalukuyang nagsisiksikan sa mga "evacuation center" na walang disenteng masisilungan o mahihigaan at nagtitiis sa napakahabang pila para sa tubig at pagkain. Wala silang mapagkukunan ng kabuhayan para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Inabuso ang karapatang-tao ng mga residente sa pagpapailalim ng kanilang lugar sa kapangyarihang batas-militar. Daan-daang mga tahanan ang natupok sa mga sunog na kaliwa't kanang sumiklab sa gitna ng mga operasyong militar.

Sa loob ng halos dalawang linggo, pinakilos ng rehimeng Aquino ang mahigit 5,000 tropa ng Armed Forces of the Philippines upang palibutan at salakayin ang may 200 armadong pwersa ng MNLF sa ilang barangay sa baybaying lugar ng Zamboanga City. Gamit ang malalakas na armas, helikopter at mga *armored personnel carrier*, pinaulanan ng AFP at PNP ng bomba at bala ang lugar.

Bago ang todo-largang pagsalakay na ito laban sa MNLF, ilang ulit nang pinahintulutan ng rehimeng US-Aquino ang MNLF na maglunsad ng mga "aksyong protesta" dala ang kanilang mga armas sa iba't ibang lugar upang batikusin ang pinirmahang Framework Agreement sa pagitan ng gubyernong Aquino at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF). Ilang buwan pa lamang ang nakararaan mula nang maglunsad ng katulad na aksyong protesta ang MNLF sa Davao City.

Malamya at di katanggap-tanggap ang pangangatwiran ng mga upisyal sa seguridad ni Aquino na hindi mapapayagan na iladlad ng MNLF ang kanilang bandila. Ang ginawang pagkubkob ng rehimeng US-Aquino sa MNLF sa kalagitnaan ng populasyon ay nagpapatampok sa kawalang-malasakit nito sa mamamayan.

Lubos ang ibinibigay na atensyon ni Aquino sa operasyon ng pagkubkob sa MNLF. Ayon sa mga anunsyo ng Malacañang, sampung araw na nanatili si Aquino sa Zamboanga. Marami ang naniniwalang pinili ni Aquino na ilunsad ang paglusob sa panahong ito para ilihis ang atensyon mula sa malaganap na protesta laban sa *pork barrel* ng Malacañang at Kongreso. Binalewala ni Aquino ang pagsusumamo ng mamamayan ng Zamboanga City na ihinto na ang armadong pagkukubkob sa MNLF upang bigyang-daan ang normalisasyon.

Para magtuluy-tuloy ang mga sagupaan, tumanggi ang rehimen na bigyang-daan ang tigil-putukan upang makalayo ang mga pwersa ng MNLF mula sa gitna ng kabahayan at sa gayo'y pahintulutang makabalik sa normal na pamumuhay ang mamamayan.

Mahigpit na pinupuna ng

mga rebolusyonaryong pwersa ang MNLF sa adbenturismong pulitiko-militar nito para lamang sa makitid na layuning ipagtanggol ang maliit na kaharian ni Misuari. Matatandaang noong 1996 ay tuluyang sumuko si Misuari at mga kasapakat niyang elitistang lider-Moro sa gubyerno noon ni Ramos, sa balangkas ng isang kasunduang nagbigay sa kanila ng huwad na "awtonomya." Ang mga pribilehiyo sa hatian sa yaman at kapangyarihang pampulitika na nakuha ng pangkating Misuari ang ngayo'y nanganganib na mawala sa kanila sa harap ng bagong kasunduang binubuo ng reaksyunaryong gubyerno ni Aquino at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Sa kabila ng paulit-ulit na deklarasyon ng "kapayapaan sa Mindanao," mabibigo ang rehimeng US-Aquino na makapagbuo ng kasunduang pangkapayapaan na mapagpasyang haharap sa kahilingan ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili. Gaya ng mga sinundan nitong rehimen, pinananatili ng rehimeng US-Aquino ang sobinistang pananaw na dapat yumuko ang mamamayang Moro sa awtoridad ng reaksyunaryong gubyerno at ang anumang uri ng "awtonomong" pampulitikang awtoridad ng Moro ay mapahihintulutan lamang kung magpapailalim muna ito sa mapang-aping gubyerno ng Maynila.

Habang pinupuna ang MNLF, dapat kilalanin at puspusang suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili. Marapat na itakwil ang adbenturismong militar ni Misuari, sa isang panig, at ang tendensya ng MILF na sumuko sa reaksyunaryong gubyerno ng Maynila, sa kabilang panig. Dapat suportahan at hikayatin ang mamamayang Moro na ipagpatuloy ang kanilang adhikain sa pamamagitan ng demokratikong pakikibakang masa at rebolusyonaryong armadong paglaban. AB

# Patuloy ang palabas sa *pork barrel*

Sa harap ng sunud-sunod na malalaking kilos-protesta laban sa korapsyon at *pork barrel* ng kongreso at Malacañang, nagkukumahog ang rehimeng Aquino na gumawa ng mga hakbangin para pahupain ang matinding galit ng mamamayan habang pinananatili ang sistemang *pork barrel*, kurakot at padrino.

Bahagi ng mga hakbangin ng Malacañang ang pagsasampa ng mga reklamong pandarambong ng bilyun-bilyong pondo ng Priority Development Assistance Fund (PDAF) na mas kilala bilang "pork barrel". Subalit litaw naman na pawang mga karibal nito sa pulitika ang idinidiin ng rehimeng Aquino sa usapin.

Nitong Setyembre 16, tatlumpu't walo katao ang pormal na inakusahang nagkutsabahan para magpasa ng daan-daan milyong pisong halaga ng *pork barrel* sa mga bogus na *non-government organization* na itinayo ng negosyanteng si Janet Lim Napoles. Para maging mas kagila-gilalas ang palabas, ipinakita muna ng Department of Justice (DOJ) sa midya ang kwartong punung-puno ng mga dokumentong ebidensya umano laban sa mga akusado.

Pangunahing inirekomenda ng DOJ na kasuhan ng pandarambong sa Sandiganbayan sina Sen. Juan Ponce Enrile, Jose "Jinggoy" Estrada at Ramon "Bong" Revilla Jr. Lahat sila ay nasa minorya sa Senado. Sa pagdidiin kina Estrada at Revilla ay inaasahan din ng rehimeng Aquino na mawala ang ilang potensyal na kalaban sa eleksyong 2016. Napapabalitang tatakbo bilang presidente o bise presidente sa 2016 laban sa kandidato ng Liberal Party ni Aquino sina Estrada at Revilla.

Sa kabilang banda, ang mga natukoy na personaheng sangkot din sa anomalya hinggil sa *pork barrel* pero kilalang malapit kay Aquino ay hindi kinakanti ng DOJ. Kabilang dito sina Agriculture Sec. Proceso Alcala, Sen. Gregorio "Gringo" Honasan, dating Cibac Rep. Joel Villanueva, Rep. Niel Tupas Jr., Rep. Isidro Ungab, dating Sen. Edgardo Angara, Sen. Alan Peter Cayetano, dating Rep. Ruffy Biazon at Rep. Neptali Gonzales Jr.



Bago ito, naging malaking palabas din ang pag-aanunsyo ng pabuya para sa ikadarakip ni Napoles at ang kunway pagsuko niya kay Aquino mismo matapos lamang ang ilang oras. Subalit unti-unti na ring lumalabas ang impormasyon mula rin sa mga taga-Malacañang, na hawak na nina Aquino si Napoles bago pa ianunsyo ang pabuya, at ilang oras muna siyang kinausap nina Aquino, DILG Secretary Mar Roxas at Presidential Spokesperson Edwin Lacierda bago ipakita sa midya. Sinundan ito ng espesyal na pagtrato kay Napoles sa bilangguan.

Nitong Setyembre 16, nabunyag ang panibagong iskema ng *pork barrel* na balak ipatupad ng mga alyado ni Aquino at ng Liberal Party (LP) sa Kongreso.

**Pork barrel pa rin.** Para maging katanggap-tanggap sa mamamayan, babawasan umano ang alokasyon sa tinatawag na *hard projects* ng mga mambabatas. Ayon kay Rep. Ben Evadorne (Eastern Samar-LP), pangalawang tagapangulo ng House Committee on Appropriations, mula ₱40 milyon ay paliliitin ito tungong ₱24.6 milyon kada kongresista at ililipat ang ₱20.6 bilyong inilaan noon sa PDAF sa mga ahensya ng gubyerno. Gayunman, ang mga mambabatas pa rin ang siyang magrerekomenda umano kung papaano gagastusin ang nasabing pondo.

Hahatiin ang PDAF sa sumusunod na mga ahensya: Department of Public Works and Highways (35%), Department of Social Welfare and Development (20%), Department of Health (15%), Department of Labor and Employment (15%), Commission on Higher Education (10%), at Department of Education (5%).

Pero *pork barrel* pa rin ito, anumang pagtatago ang gawin. Sa kabila ng galit ng publiko, kung anu-anong mga maniobra ang ginagawa ng naghaharing rehimen para hindi mabitiwan ang *pork barrel* bilang sistemang padrino para manatili sa poder si Aquino. AB

---

# Mga protestang kontra-korapsyon, lumalakas

Taliwas sa inaasahan ng Malacañang, hindi humupa at bagkus ay nagpapatuloy pa ang mga protestang masa matapos sumambulat ang galit ng bayan laban sa sistemang *pork barrel* noong Agosto. Muling maglulunsad ng malaking kilos protestang kontra-korapsyon sa Luneta Park sa Maynila na itataon sa Setyembre 21, ang ika-41 anibersaryo ng batas militar ng diktadurang US-Marcos.

Ipinanawagan ng "#Abolishpork Movement," isang malawak na network ng mga organisasyong kontra-korapsyon na buwagin ng Kongreso ang Priority Development Assistance Fund (PDAF) at ni Benigno Aquino III ang kanyang Presidential Discretionary Funds bilang kongkretong mga hakbang sa pagbabasura ng sistemang *pork barrel*.

Isinasagawa hindi lamang ang mga kilos-protesta sa lansangan. Naglulunsad din ng mga talakayan at pag-aaral para magagap ng mamamayan ang pinag-uugatan ng korapsyon sa bulok na sistemang panlipunan.

**Trese ng Setyembre.** Bilang karugtong ng pagkilos sa Luneta Park, inorganisa ang ikatlong malaking kilos-protesta ng "Forward March Abolish Pork Barrel!." Nanalangin ang mga raliyista bandang alas-3 ng hapon, na sinundan ng serye ng mga talakayang pang-edukasyon hanggang alas-6 ng gabi sa Luneta Park. Sinundan ito ng konsyertong "Rock and Rage Against Pork!" na nilahukan ng 20 banda ng mga musikero.

Target nitong mapukaw, maorganisa at mapakilos pangunahin ang mga kabataan-estudyante. Ayon sa isang lider-estudyante, nasa unahan sila ng pakikibakang anti-*pork barrel* dahil ninakaw ng mga elitistang pulitiko ang kanilang kinabukasan. Sikat naman sa mga dumalo sa konsyerto ang awiting "Kawatan" na isinulat ni Jograd dela Torre.

Kabilang sa mga lumahok sa aksyong protestang ito na umabot sa 10,000 ang alyansang Youth Act Now!, Association of Major Religious Superiors of the Philippines (AMRSP), Catholic Educators Association, mga simbahang Protestante, Concerned Citizens Movement, mga organisasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), koalisyong Makabayan, Volunteers Against Crime and Corruption, Movement Against Dynasties at mga tinatawag na *netizens*.

Sa labas ng Luzon, nagdaos din ng iba't ibang tipo ng mga pagkilos sa Iloilo City, Roxas City, Kalibo sa Aklan, Bacolod City, Cebu City, Davao City hanggang Pagadian City.

**EDSA Tayo.** Idinaos ang "EDSA Tayo" noong Setyembre 11 kasunod ng Million People March sa Luneta Park noong Agosto 26. Kinatangian ito ng *prayer vigil* sa EDSA Shrine sa Quezon City at ng pagmartsa sa kahabaan ng Katipunan Avenue ng ilang libong estudyante mula sa University of the Philippines, Miriam College at Ateneo de Manila University at iba pa.

Mariing iginiit ng mahigit 5,000 raliyista na buwagin na ang lahat ng anyo ng *pork barrel*. May pinaikot ding *signature campaign* ang Change.org, na noong araw ay nakatipon ng 70,000 lagda. Dalawang beses na nabulabog ang mapayapang pagkilos nang tangkaing harangin at kumpiskahin ng mga pulis ang dala-dalang mga plakard at bandera ng mga aktibista.

Sa kauna-unahang pagkakataon, mula sa apat na lugar ay nagtipon ang mahigit 5,000 katao sa Bandstand ng Roxas City. Karamihan sa dumalo sa misang pinamunuan ng Archdiocese ng Capiz ay mga madre, seminarista, estudyante at mga relihiyoso na nagkaisang buwagin na ang PDAF. Ayon sa isang paring dumalo, gawaing terorismo ng mga pulitiko ang pagpapanatili ng *pork barrel*.

Sa darating na Setyembre 21, inaasahang mas marami pang mga lalawigan ang lalahok sa koordinadong pambansang mga kilos-protesta.

Bunsod ng mga kilos-protestang ito at ng pagmamatigas pa rin ni Aquino, tinaningan siya ng AMRSP nang hanggang katapusan ng Setyembre para gumawa ng agarang hakbang upang lubusang mabuwag ang lahat ng anyo ng *pork barrel*. Kung hindi ay handa silang maglunsad ng mas mataas na antas ng protesta.


Samantala, binabalak ng mga progresibong kongresista na maghain ng panukalang *impeachment* sa Kongreso laban kay Aquino. AB

# Pondo sa korapsyon, ilaan sa edukasyon

Sa harap ng protesta laban sa *pork barrel*, muling pinaigting ng mga estudyante at guro ang kanilang panawagan na dagdagan ang badyet para sa edukasyong publiko at iba pang serbisyong panlipunan. Ang dagdag na badyet para sa edukasyon ang sagot nila sa panakot ng mga upisyal ng Kongreso na nagsasabing ang paghihinto ng sistemang *pork barrel* (sa anyo ng ₱70 milyong badyet na Priority Development Assistance Fund) ay magreresulta sa paghinto ng kanilang mga programang *scholarship* o ayudang pang-edukasyon para sa mga estudyante.

Kinutya ng grupong Anakbayan ang mga kongresista na tutol sa pagtatanggal ng *pork barrel* sa pangangatwirang ginagamit nila iyon para sa mga *scholarship*. Hindi totoong mapapakinabangan ang naturang pondo ng mga estudyante sa kolehiyo. Mapupunta lamang ito sa korapsyon at sa sistemang padrino kung saan bibigyan ng prayoridad ang mga paaralang nasa mga distritong kakampi ng rehimeng US-Aquino.

"Huwag ninyong gamitin kaming mga estudyante sa inyong kasakiman," anang Anakbayan. Sa tantya ng Anakbayan, ang badyet sa pampublikong mga unibersidad at kolehiyo ay mapalalaki nang halos sampung ulit kung babaklasin ang mga pondong *pork barrel* ng Kongreso at Malacañang, bukod pa sa badyet para sa serbisyong pangkalusugan, transportasyong publiko (MRT/LRT) at murang pabahay.




Binatikos ng Anakbayan ang plano ng rehimeng Aquino na kaltasan ang badyet sa edukasyon sa taong 2014. Kabilang sa pinakamalalaking kaltas ang sa University of the Philippines (₱1,431,172,000); Mindanao State University (₱829,732,000); MSU-Iligan Institute of Technology (₱116,442,000); Isabela State University (₱77,241,000); MSU-Tawi-Tawi College of Technology and Oceanography (₱57,610,000); Palawan State University (₱36,541,000); Negros Oriental State University (₱31,411,000); Western Visayas College of Science and Technology (₱30,850,000); Leyte Nor-

mal University (₱30,677,000); at Benguet State University (₱29,907,000).

Kasabay nito, nabunyag din kamakailan na ₱6.047 bilyon ang halaga ng pondong *lump sum* (walang klarong pinaglalaanan) ng CHED. Ang paggamit ng pondong ito ay nasa kontrol at kapasyahan ng CHED, partikular na ng pinuno nitong si Patricia Licuanan, isang mahigpit na kaalyado ni Aquino.

Samantala, mariing kinundena ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang talamak na korapsyon na bumibiktima sa mga guro sa mga pampublikong paaralan. Ibinunyag kamakailan ng ACT ang talamak na mga kaso ng korapsyon sa pamamalakad ng Department of Education (DepEd) sa Northern Luzon, Central Luzon, at Southern Tagalog. Laganap ang ekstorsyon, pangingikil, pagbebenta ng pwesto at iba pang anomalya na ipinatutupad ng mga upisyal ng DepEd.

Kaugnay nito, nagmartsa ang mga kasapi ng ACT noong Setyembre 9 sa Kongreso at iginiit ang paglalaaan ng pondo ng *pork barrel* sa edukasyon at serbisyong panlipunan. Nanawagan din itong lubusang baklasin ang sistemang *pork barrel*. Anito, maaaring gamitin ang naturang pondo para sa karagdagang sahod ng mga guro at empleyado ng gubyerno. AB

# Kakarampot na dagdag-sahod, binatikos ng mga manggagawa

Mariing binatikos ng mga manggagawa at mga maralitang lunsod sa pamumuno ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang kakarampot na ₱10 dagdag-sahod na inaprubahan ng Metro Manila Tripartite Wage Board noong Setyembre 6. Nagpiket sila sa punong tanggapan ng Department of Labor and Employment sa Intramuros, Maynila noong Setyembre 10.

Lubhang ikinagalit ng mga manggagawa na habang bilyun-bilyong pondong *pork barrel* ang winawaldas ng mga pulitiko sa ilalim ng pamumuno ni Benigno Aquino III, "kaning baboy" lamang ang napunta sa kanila. Anila, hindi nakasasapat ang karagdagang ₱10 para makaagapay sa nagtataasang presyo ng mga bilihin at batayang serbisyo.

Ayon sa pagsisiyasat ng Ibon Foundation noong Agosto, tinataya na ang halagang kakailanganin para disenteng mabuhay ang isang karaniwang pamilyang Pilipino ay ₱1,051 bawat araw. Nitong nakaraang buwan lamang, magkasunod na tumaas ang halaga ng *liquefied petroleum gas* (LPG) (nasa ₱30 kada tangke) at bigas (nasa ₱5-10.00 bawat kilo). Tumaas ang presyo ng mga produktong petrolyo gaya ng *diesel* na umaabot na sa ₱45 bawat litro. Nakaambang itaas din ang pamasahe sa MRT at LRT nang ₱5.00.

Patuloy na iginigiit ng KMU na aprubahan agad ang ipinanukalang karagdagang ₱125 sa arawang sahod ng mga manggagawa. Muli itong isinalang ni Anakpawis Partylist Rep. Fernando Hicap sa Kongreso. AB

# Zero Remittance Day, inilunsad

Matagumpay na inilunsad ng mga *overseas* Filipino *workers* (OFW) ng Zero Remittance Day (ZRD) nitong Setyembre 19 upang ipadama ang kanilang galit at pagkakaisa sa pagkilos laban sa sistemang *pork barrel*.

Sa kabila ng pagmamaliit ng rehimeng Aquino na wala umanong epekto ang panawagang ito, umabot sa 300 organisasyon at 23 bansa ang lumahok dito sa pangunguna ng DEPORK! (Overseas Filipinos Demand Abolition of Pork!), ayon kay Gary Martinez, tagapangulo ng Migrante at *convenor* ng DEPORK!. Nagdaos din ng piket-rali sa Mendiola ang mga OFW at kanilang mga pamilya na umuwi mula Saudi Arabia, Debai, Hongkong, Syria at Macau.

May dahilang mangamba ang kasalukuyang gubyerno sa Zero Remittance Day ng mga migranteng Pilipino. Sa isang araw na hindi pagreremit ng mga migrante ay mababawasan ang kinikita ng gubyerno mula sa mga ipinadadala nilang remitans.

Obligado ang mga OFW na magbayad ng Documentary Stamp Tax (DST) na agarang nagkakaltas ng 0.15% o 30 sentimos sa bawat ₱200 remitans. Ayon sa Philippine Overseas Employment Administration, kumikita lamang ang gubyerno ng umaabot sa $1.4 milyon mula sa DST kada buwan. Ipinapataw ang DST bilang "service fee" na sinisingil ng mga bangko. (Hindi pa kasama rito ang 50 sentimos na singil ng mga lokal nabangko kapag nagpapalabas ng remitans sa anyo ng piso).

Subalit ayon kay Martinez, noong 2012 ay umabot ang remitans ng mga OFW sa US$21 bilyon. Kaya sa aktwal ay umaabot sa $57.5 milyon o ₱2.5 bilyon kada araw ang nawawala sa gubyerno mula sa DST pa lamang kapag nagpapasyang huwag magpadala ng remitans ang mga OFW. AB

# Serye ng mga taktikal na opensiba, inilunsad sa NCMR

Sampu ang napatay at lima ang nasugatan sa mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa anim na magkakasunod na aksyong militar na inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa North Central Mindanao Region (NCMR) noong Setyembre 8 hanggang 11. Walang kaswalti sa panig ng BHB.

Tatlong sundalo ng 29th IB ang napatay nang tambangan ng isang yunit ng Western Agusan del Norte-Agusan del Sur Subregional Command habang nagpapatrulya sa Sityo Lamusig, Tungao, Butuan City noong Setyembre 11. Isang araw bago ito, pinaulanan ng bala ng mga Pulang mandirigma ang nagpapatrulyang mga sundalo ng Bravo Coy ng nasabing batalyon. Apat ang napatay at isa ang nasugatan sa panig ng Philippine Army.

Samantala, isa ang napatay at isa ang nasugatan nang paputukan ng isang iskwad ng BHB ang mga tropa ng 8th IB na lulan ng trak-militar na KM-35 sa Sityo Nabawang, Busdi, Malaybalay City noong Setyembre 10, bandang alas-8 ng gabi. Paglipas ng tatlong oras, isang sundalo pa ang nasugatan nang ambusin ng isang yunit ng BHB ang reimporsment ng militar tatlong kilometro ang layo sa lugar ng unang labanan.

Noong Setyembre 9, hinaras ng mga Pulang mandirigma ng Mt. Kitanglad Subregional Command ang mga tropa ng 8th IB habang naglulunsad ng operasyong militar sa Sityo Butok, Barangay Kapihan, Libona, Bukidnon. Dalawang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan. Isang araw bago ito, isang sundalo ang nasugatan nang paputukan ng isang tim ng BHB ang mga elemento ng 8th IB habang nagpapatrulya sa Barangay Bolunay, Impasug-ong, Bukidnon. AB

---

# Kampo ng bandidong grupong NIPAR, nireyd ng BHB

Sinalakay ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ilalim ng South Central Bukidnon Command ang kampo ng bandidong grupong NIPAR (New Indigenous People's Army for Reform) sa Sityo Kiranggol, Barangay Dao, San Fernando, lalawigan ng Bukidnon. Inilunsad noong Setyembre 16 ang pag-atake sa kuta ng grupong kriminal na ito na pinamumunuan ni Aldie "Butsoy" Salusad batay sa matagal nang hiling na hustisya ng mga nabiktima nila.

Ayon kay Ka Ariel Inda Magbanwag, tagapagsalita ng South Central Bukidnon Subregional Command (SCBSBC-BHB), isa ang napatay at limang iba pa ang nasugatan sa loob ng entrenseradong kampo sa mahigit dalawang oras na labanan. Nagulat sa biglang pag-atake ng BHB, nagtakbuhan ang ilan sa mga bandido at nagtago sa gitna ng mga sibilyan. Gumanti sila ng mga putok habang ipinananggalang ang mga sibilyan sa lugar.

Sa gayong kalagayan, nagpasya ang yunit kumand ng BHB na iatras ang mga pwersa nito para maiwasang magkaroon ng kaswalti sa mga sibilyan. Ito ay kahit hindi lubusang napatupad ang pagparusa sa sagadsaring lider ng bandidong paramilitar na si Butsoy Salusad.

Nilinaw ng tagapagsalita ng SCBSBC-BHB, ang sumusunod tungkol sa labanan:

Hindi totoong nagpadala ng pwersang reimporsment ang 23rd IB-CAA. Ang totoo'y dalawang araw nang nananatili roon sa kampo ang mga elemento ng 23rd IB at CAFGU na pinamumunuan ng tatay ni Butsoy na si Nonong Salusad.

Nasugatan ang ilang kasapi ng BHB, pero walang napatay na Pulang mandirigma sa labanang ito.

Matatag na sumunod sa disiplinang bakal ang BHB. Wala silang kinumpiska ni isang bagay kaya't kasinungalingan ang pagbibintang na nawawala ang ₱350,000 mula sa bumibili ng ginto.

Walang armas na naiwan ang mga yunit ng BHB. Ang M14 na ipinakita sa midya ay galing mismo sa grupo ni Salusad. AB

# Kinatawan ng Anakpawis, inaresto sa Luisita

Sunud-sunod na harasment ang naranasan ng mga aktibista sa kamay ng militar at pulisya. Pinakatampok na kaso ang pagkakaaresto sa Hacienda Luisita ng 11 tagapagtaguyod ng tunay na reporma sa lupa, kabilang si Rep. Fernando Hicap ng partidong Anakpawis. Bukod sa kanila, dalawang taong-simbahan, isang dayuhang aktibista at apat na magsasaka ang iba pang naging biktima ng harasment.

**Setyembre 17.** Inaresto ng mga pulis sina Rep. Fernando Hicap ng partidong Anakpawis at sampung iba pang tagapagtaguyod ng tunay na reporma sa lupa sa Hacienda Luisita.

Ang grupo na binansagang "Luisita 11" ay ikinulong sa Tarlac City Police Station matapos silang sampahan ng mga kasong iligal na pagtitipon, "direct assault," "trespass to dwelling" at "maliscious mischief."

Tumungo sina Hicap sa Hacienda Luisita para siyasatin at isadokumento ang mga pang-aabuso sa mga karapatang pampulitika at pang-ekonomya na dinaranas ng mga manggagawang bukid at mga residente ng nasabing asyenda.

Nasaksihan ng pangkat sa asyenda ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang araw-araw na karahasang ihinahasik ng mga gwardya ng Hacienda Luisita at mga paramilitar habang nakabantay lamang ang mga tropa ng Special Action Force at Philippine Army.

Bukod kay Hicap, inaresto rin sina Danilo Ramos, tagapagsalita ng partidong Anakpawis; Florida Sibayan, tagapangulo ng Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita; abugado-madre at misyonerong Australian na si Sr. Patricia Fox; mag-asawang manggagawang pangkultura na sina Ericson Acosta at Kerima Acosta; drayber ni Hicap na si Rene Blazan; istap ni Hicap sa Kongreso na si Karla San Juan; *paralegal worker* na si Ronald Matthew Gustillo; at mga benepisyaryo ng repormang agraryo na sina Luz Versola at Angelina Nunag.

Unang pinalaya sina Hicap at Sr. Patricia makaraan ang isang araw, at ang iba pang mga biktima ay nitong Setyembre 19.

**Setyembre 13.** Hinarang ng mga ahente ng Bureau of Immigration (BI) si Kim Chatillon-Meunier, 24 anyos na estudyanteng Canadian, habang pumipila ito para sa byaheng Cebu Pacific patungong Hongkong bandang alas-7 ng gabi. Ibininbin siya ng BI sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan, Taguig City.

Nilabag umano ni Chatillon ang kanyang *visa* nang lumahok siya sa isang rali noong Hulyo 22 kaugnay sa State of the Nation Address (SONA) ni Benigno Aquino III, ayon sa BI. Siya ang pangalawang dayuhang inaresto at ibinbin dahil sa pagkakasangkot sa pampulitikang aktibidad. Ang nauna ay ang aktibistang Dutch na si Thomas van Beersum.

Si Chatillon ay isa sa mga delegado sa International Conference on Human Rights in the Philippines na idinaos noong Hulyo. Bago ito, lumahok siya sa isang *international solidarity* at *humanitarian mission* sa lalawigan ng Quezon. Tagamasid lamang siya nang idaos ang SONA.

Pagkatapos ng dalawang araw na detensyon ay pinalaya rin si Chatillon at nakalabas na siya ng bansa sa tulong ng National Union of People's Lawyers.

**Setyembre 8.** Dinakip ng militar si Joel Q. Yadao, 44, isang *lay worker* ng Rural Missionaries of the Philippines-Northern Mindanao Region (RMP-NMR) bandang alas-11 ng umaga sa loob ng *compound* ng simbahang Katoliko sa bayan ng Villanueva, Misamis Oriental. Pinamunuan ni Capt. Joe Ryan Manalo ng Philippine Army ang tim na dumakip kay Yadao. Si Yadao ay nakatakdang makipag-usap sa isa pang *lay worker* nang siya ay dakpin.

Sinampahan si Yadao ng kasong *double murder* at *multiple frustrated murder* kaugnay ng engkwentro noong Abril sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ng komboy ni dating Mayor Ruthie Guingona ng Gingoog City.

Kinundena ni Sr. Ma. Fatima N. Somogod, *coordinator* ng RMP-NMR, ang pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso laban kay Yadao at nanawagan para sa agaran niyang paglaya.

**Setyembre 6.** Inaresto ng mga tropa ng 3rd Scout Rangers Company ng First Scout Rangers Battalion ang apat na magsasaka sa bintang na sila ay mga kasapi ng BHB. Naganap ang pang-aaresto pagkaraan ng dalawang engkwentro sa pagitan ng militar at BHB sa mabundok na bahagi ng Guihulngan City, Negros Oriental.

Kinilala ang mga biktima na sina Ricardo Seniagan, 37 anyos, taga-Barangay Linantuyan at Thomas Carello Isugan, 19 anyos, taga-Barangay Buenavista, parehong sa Guihulngan City; Jessie Gamay Bongcawil, 19 anyos, taga-Barangay Nasunogan, La Liber-

tad, Negros Oriental; at Dandy Manuling Demerin, 18 anyos, taga-La Castellana, Negros Occidental.

Ang apat na magsasaka ay dinakip ng militar sa iba't ibang lugar at malayo sa pinangyarihan ng engkwentro sa Barangay Plagatasanon, Guihulngan City. Sinaktan ng Scout Rangers si Ricanillo habang pilit namang pinaaamin si Demerin na siya ay may kaugnayan sa BHB. Binantaan siyang sasampahan ng maraming kasong kriminal kung hindi siya makikipagtulungan sa militar.

**Agosto.** Tinakot ng mga ahente ng gubyerno si June Ver Mangao, 31 taong gulang, isang pastor ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) na nakatalaga sa bayan ng Mabitac, Laguna. Nakatanggap siya ng tawag mula sa lalaking ayaw magpakilala. Bago ito, dalawang lalaking sakay ng motorsiklo ang nagtanung-tanong sa ilang myembro ng UCCP tungkol sa pagkatao ni Mangao habang bumibisita siya sa mga taga-UCCP sa ilang barangay na sinalanta ng bagyong Maring.

Tatlong bahay ang pinuntahan ng mga lalaki. Sa unang pinagtanungan ay nagpakilala ang isa na residente umano ng Barangay Paagahan. Sa ikalawang pinagtanungan ay nagpakilala ang isa bilang elemento ng CAFGU. Sa ikatlong pinagtanungan ay nagpakilala silang mga pulis na naghahanap ng kwartong marerentahan. Sa lahat ng pagkakataon ay humihingi ng detalyadong impormasyon ang mga lalaki tungkol kay Mangao.

Si Mangao ang nagbuo ng Community Center for Parents and Children's Development na nagbibigay ng libreng edukasyon sa mga maralitang kasapi ng UCCP na hindi napasama sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

# Agarang pagpapalaya sa maysakit na mga detenidong pulitikal, iginiit

Muling ipinanawagan ng Samahan ng Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto (SELDA) sa gubyernong Aquino na agarang palayain ang maysakit na mga bilanggong pulitikal sa makataong kunsiderasyon, laluna si Alison Alcantara na nag-aagaw buhay ngayon sa *emergency room* ng Philippine General Hospital (PGH) sa Maynila.

Nakasandig sa isang *respirator* ngayon si Alcantara, 55 anyos. Inilipat si Alcantara sa PGH mula sa New Bilibid Prison (NBP) Hospital makaraang mawalan siya ng malay noong Setyembre 9 ng gabi. Nang maipasok sa PGH, natukoy na siya ay may malalang impeksyon sa dugo dulot ng pulmonya at iba pang kumplikasyon ng Type 2 *diabetes*.

Noon pang Setyembre 3 ay hiniling na ng mga kasamahan ni Alcantara sa NBP na ilipat siya sa PGH, pero tumanggi ang mga upisyal ng piitan. Matagal na siyang may di makontrol na *diabetes* na may kumplikasyon sa alta-presyon at nagka-impeksyon ang sugat sa kanyang kaliwang paa. Dahil dito, labas-masok si Alcantara sa NBP Hospital, na ang huli ay noong Setyembre 4 nang tumaas ang kanyang *blood sugar* at presyon.

Bagamat isang "charity patient" si Alcantara sa PGH, nangangailangan pa rin ang kanyang pamilya ng perang pambili ng mga gamot, bayad sa ilang *laboratory fees* at sa paggamit ng *respirator*. Ang bayad sa *respirator* ay ₱2,400 sa kada 24-oras na paggamit.

Isa lamang si Alcantara sa 48 na bilanggong pulitikal na kulang sa atensyong medikal. Ikinumpara ng SELDA ang malalang kalagayan ni Alcantara sa mas magandang trato ng gubyernong Aquino sa mandarambong na si Janet Lim Napoles, na isa ring diabetiko. Binibigyan siya ng lubos na atensyong medikal, masustansya't sapat na pagkain at nakatira sa isang malaking *bungalow* habang nagkakandarapa sa paghahanap ng perang panggamot ang mga pamilya at kaibigan ng maysakit na mga detenidong pulitikal.



Kabilang din sa mga bilanggong pulitikal na nangangailangan ng seryosong atensyong medikal at dapat palayain sa kunsiderasyong makatao si Alvin Lauglaug na nakapiit sa Surigao City District Jail. Paralisado siya mula baywang pababa bunsod ng pinsala sa utak bago siya maaresto sa Poblacion Lianga, Surigao del Sur noong Mayo 2, 2012.

Paralisado naman mula leeg pababa ang 28 taong gulang na babaeng bilanggo na si Vanessa de los Reyes, matapos siya masugatan sa isang labanan sa pagitan ng militar at Bagong Hukbong Bayan sa Davao Oriental noong Mayo 2011. Naka-"hospital arrest"siya at todo-bantay ang mga tropa ng Philippine Army gayong isa siyang *hors d'combat* o wala na sa katayuang lumaban. May kinakaharap si De los Reyes na apat na kasong *frustrated murder*.

# Mga utak sa pagdukot kay Jonas Burgos, pinawalansala

Galit at matinding pagkadismaya ang naramdaman ng Families of Desaparecidos for Justice (DESAPARECIDOS) at KARAPATAN nang tanggalin ng Department of Justice (DOJ) sa listahan ng mga akusado ang mga namumunong upisyal-militar na responsable sa pagdukot sa aktibistang si Jonas Burgos. Ang inirekomenda lamang nito na sampahan ng mga kasong kriminal ay si Maj. Harry Baliaga Jr.

Nagdaos ng piket-rali ang DESAPARECIDOS at KARAPATAN sa harapan ng DOJ nitong Setyembre 13 para batikusin ang resolusyon ng DOJ noong Setyembre 3 na nagbabasura sa lahat ng mga isinampang kasong kriminal maliban kay Baliaga. Si Baliaga ay tinukoy ng mga saksi na kabilang sa mga taong dumukot kay Burgos mula sa isang restawran sa Quezon City noong 2007.

Isinampa ni Edita Burgos, ina ni Jonas, ang mga kasong arbitraryong detensyon, *murder* at *obstruction of justice* laban kina Brig. Gen. Eduardo Año, Lt. Col. Melquiades Feliciano, Lt. Gen. Romeo Tolentino, Gen. Hermogenes Esperon, Lt. Gen. Alexander Yano at Dir. Gen. Avelino Razon Jr. noong 2011.

Nirepaso at isinulat ang resolusyong nagpapawalansala sa naturang mga upisyal-militar ni Assistant Prosecutor Gerard Gaerlan at pinagtibay ito ni Prosecutor General Claro Arellano.

"Hindi pwedeng dukutin ni Major Baliaga si Jonas nang walang order mula sa mga nakatataas sa kanya," ani Lorena Santos, pangkalahatang kalihim ng DESAPARECIDOS. AB

# Labanan ang planong gera ng US laban sa Syria!

Bigo ang kaliwa't kanang pagpapakana at pagmamaniobra ng presidente ng US na si Barack Obama upang bigyang-matwid ang paglulunsad ng mapanghimasok na gerang agresyon laban sa Syria.

Napaatras ang gubyernong Obama sa plano nitong salakayin ang Syria matapos ito mabigong makuha ang suporta ng mga kaalyado nitong bansa sa NATO. Kabilang sa mariing tumutol ang Russia, China at ang European Union. Kahit ang parlamentong British ay hindi sumang-ayon sa desisyon ni Prime Minister David Cameron na maglunsad ng aksyong militar laban sa Syria. Tanging ang bansang France ang nagpahayag ng suporta sa plano ng US.

Tanda ng pagkakahiwalay nito, kahit ang masusugid na alyado ng US sa G20 Summit na idinaos noong Setyembre 5-7 sa St. Petersburg, Russia ay hindi sumang-ayon sa atakeng militar. Nagprotesta rin ang mamamayan ng Great Britain sa harapan mismo ng 10 Downing Street, ang upisina ni Cameron. Sa US, naglunsad ng mga demonstrasyon ang mamamayan at nagbabala kay Obama laban sa panghihimasok ng US sa Syria.

Bago ito, nitong Setyembre 1 ay inianunsyo ng US na nakahanda na itong maglunsad ng "mabilisang" paglusob sa Syria. Sinabi ng US na ayon sa kanilang impormasyong paniktik ay nagsagawa ang mga pwersa ng gubyerno ni Bashar al-Assad ng Syria ng pang-aatake gamit ang mga armas-kemikal sa kabisera nitong Damascus noong Agosto 21 na nagresulta sa diumanoy pagkamatay ng daan-daang mga sibilyan.

Ang pag-anunsyo ng US ay itinaon habang nasa Syria ang isang pangkat ng mga imbestigador ng United Nations (UN) na magsisiyasat hinggil sa iniulat na paggamit ng mga sandatang kemikal. Nauna na rito, pinaputukan ng mga armadong grupo ang pangkat ng UN. Agad na inakusahan ng US na mga tropa ng gubyernong al-Assad ang siyang nagsagawa nito.

Pilit na binabaluktot ng US ang mga impormasyon tungkol sa Syria upang bigyang-matwid ang panghihimasok ng US para pabagsakin ang gubyernong al-Assad. Noon pang Mayo 5 ay lumabas na sa unang pagsisiyasat



ng UN na ang mga pwersang sinusuportahan ng US (ang Free Syria Army) ang siyang nagsasagawa ng pang-aatake gamit ang mga armas-kemikal. Kinumpirma ito ng mga biktimang nabuhay sa gayong mga pag-atake.

Pinaniniwalaang ang mga sandatang kemikal na ginamit ng grupong sinusuportahan ng US ay nanggaling sa gubyerno ng Saudi Arabia, na masugid na alyado ng US.

Matagal nang plano ng US na salakayin ang Syria. Tulad ng ginawa nito sa Libya, nais iluklok ng US ang bagong gubyernong papabor sa plano ng US na patatagin ang kapangyarihan ng US sa Middle East. Pinaglalawayan ng US ang mga likas na yaman ng Syria na kinabibilangan ng langis, ginto, *uranium* at iba pa.

Samantala, nananawagan ang International League of Peoples' Struggle (ILPS) na maglunsad ng lahat ng posible at kinakailangang mga aksyon laban sa plano ng US na bombahin at gerahin ang Syria at mamamayang Syrian.

Nanawagan ang ILPS na magtayo ng nagkakaisang prente kontra sa imperyalismo at ikoordina ang lahat ng iba pang pwersa para mamaksimisa ang kanilang lakas. Dapat magkaisa at kumilos ang lahat ng mamamayan sa bawat bansa at sa buong mundo laban sa panghihimasok-militar at gerang agresyon na nais ipatupad ng US at mga imperyalistang alyado nito.

Sa Pilipinas, nagkaroon ng aksyong protesta noong Setyembre 7 bilang pakikiisa sa pandaigdigang araw ng pag-aayuno ng iba't ibang tagasuporta ng kapayapaan at mga grupong anti-gera. Pinamunuan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan. Nakiisa rin ang Migrante International, Kilusang Mayo Uno at KARAPATAN sa mga protesta laban sa panghihimasok-militar ng US sa Syria. AB

# Mga magbubukid, binatikos ang DA sa krisis sa bigas

Inakusahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang Department of Agriculture (DA) na pinamumunuan ni Sec. Proseso Alcala na protektor ng kartel sa bigas at malalaking importer na nasa likod ng manipulasyon ng presyo ng bigas sa merkado.

Anila, sinasamantala ng mga kartel ang kasalukuyang kalagayan sa pamamagitan ng pagtaas ng presyo ng bigas dahil mismo sa kapabayaan ng DA at National Food Authority (NFA). Nitong nagdaang ilang linggo, umabot na sa ₱5-10 kada kilo ang itinaas ng presyo ng bigas.

Noong Setyembre 13, hindi bababa sa 500 kasapi ng KMP ang nagrali sa upisina ng DA at sa tahanan ni Benigno Aquino III sa Times Street, Quezon City. Inakusahan nila ang DA na kabilang sa ginagamit ng mga mandarambong at pekeng *non-governmental organizations* (NGOs) bilang daluyan ng korapsyon. Ayon kay Antonio Flores, pangkalahatang kalihim ng KMP, malinaw itong ibinunyag ng iskandalo sa sistemang *pork barrel.*

Nagrali naman noong Setyembre 10 ang mga kasapi ng GABRIELA, Anakpawis at grupong Bantay Bigas sa harap ng bodega ng NFA sa Visayas Ave, Quezon City. Nanawagan sila na ilabas ang malaking suplay ng bigas na nakaimbak sa layuning bumaba ang presyo ng bigas. AB

# Tata Senseng, pinarangalan ng NDFP

Pinarangalan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) si Atty. Jose "Tata Senseng" Suarez na pumanaw noong Setyembre 12 sa edad na 89 anyos. Anang National Executive Committee ng NDFP, isa siyang matapang na mandirigma para sa mga inaapi at pinagsasamantalahan at bayani ng mamamayang Pilipino.

Pinamunuan ni Tata Senseng ang 10,000 kataong blokeyo sa Central Luzon para harangin ang mga tropang maka-Marcos nang mag-alsa ang mamamayang Pilipino noong 1986 laban sa kinamumuhiang diktador. Inorganisa at pinamunuan niya ang maraming organisasyong masa at mga alyansa sa mga militanteng aksyon laban sa diktadurang Marcos.

Sa maraming mga anti-imperyalista at progresibong organisasyon, nasa unahan siya ng mga pakikibakang masa, kaya naging simbulo siya ng mamamayang hindi yumuyuko sa mga mapagsamantala at mapang-api at hindi tumitigil sa pakikipaglaban para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Hindi makakalimutan ng mamamayang Pilipino ang rebolusyonaryong diwa at pamana ni Tata Senseng, anang NDFP. Magpapatuloy siyang inspirasyon sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansa at panlipunang kalayaan. AB

ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIV Blg. 18
Setyembre 21, 2013
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Salubungin ng protesta ang pagbisita ni Obama


Dapat tumindig ang sambayanang Pilipino at salubungin ng malawakang protesta ang nakatakdang pagbisita ng hepe ng imperyalismong US na si Barack Obama sa Oktubre 11-12 at ang planong pagpirma sa kasunduang magpapahintulot sa militar ng US na puspusang gamitin ang Pilipinas bilang base militar.

Dapat paalingawngawin ang sigaw ng protesta laban sa todo-largang pangangayupapa ng rehimeng Aquino sa gubyernong US. Dapat tutulan ang mabilis na pagkauk-ok ng pambansang kasarinlan sa ilalim ng rehimeng Aquino. Sagad-sagaran ang pagpapasailalim ni Aquino sa mga dikta ng gubyernong US upang suportahan ang estratehikong layunin ng US na "pumihit" tungo sa Asia.

Mula nang ideklara ang planong pagpihit na ito, iba't iba nang mga areglo ang binubuo ng US sa rehimeng Aquino, pati na sa mga gubyerno ng Japan, Vietnam, Singapore, Indonesia, Malaysia, Australia, India at iba pa upang pahintulutan ang mga barko at eroplanong pandigma ng US na regular na makapasok sa mga bansang ito at magamit ang mga pasilidad sa mga daungan at paliparan.

Nitong nagdaang mga taon, nakapagbuo ang US ng mga kritikal na kasunduan para sa akses militar at pagbabase sa Australia at Singapore, at nasa proseso ngayon sa pagbubuo ng mga katulad na kasunduan sa Pilipinas at iba pang bansa. Nagmamantine ang US ng malaking base militar sa hilagang Australia para sa 3,000 tropang Amerikano. Mula 2005, ginamit ng US ang mga pasilidad sa Singapore para ikoordina ang lohistika at pagpapakat ng mga barkong pandigma mula sa East Asia, Central Asia hanggang sa Africa.

Patuloy na pinauunlad ng US ang pakikipagtulungang militar nito sa Japan. Pinalalakas nito ang mga base militar sa Okinawa at iba pang lugar. Itinutulak ni-




Sa isyung ito...

**Pinsala ni Aquino sa Zamboanga** 3

**Protesta kontra-korapsyon, lumalakas** 5

**Kinatawan ng Anakpawis, inaresto** 9

## Mga tuntunin sa paglilimbag

**1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

**2.** Pag-*print* sa istensil:

a) Sa *print dialog*, i-*check* ang **Print as image**
b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
k) I-*click* ang **Properties**
d) I-*click* ang **Advanced**
e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
d) Ituloy ang pag-*print*

**3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type.* Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*